# ALISTO SA ABO!

*PAANO PROTEKTAHAN ANG IYONG PAMILYA, TAHANAN, AT NEGOSYO*

Ang Tangway (Peninsula) ng Alaska, Isla ng Kodiak, Tangway ng Kenai, at mga pook ng Cook Inlet ang pinakamalamang na matabunan ng abo ng bulkan, na sa katunayan ay mula sa napulbos na bato mula sa pagputok ng bulkan.

***Ang sariwang abo ng bulkan*** ay maaaring maligasgas, maasido, magaspang, at may amoy na parang asupre. Ang malakas na pagbagsak ng abo ay maaaring makabawas sa liwanag ng araw, na nagreresulta sa biglaang pangangailangan ng kuryente at nagreresulta sa posibleng mga brownout. Maaaring barahin ng abo ang mga daluyan ng tubig, mga planta ng dumi sa imburnal, at lahat ng uri ng makina. Ang isang pulgadang kapal o layer ng abo ay may bigat na 10 libra bawat talampakang kuwadrado, at ang pinong abo ay lubhang madulas, na nakakasagabal sa pagmamaneho at paglalakad.

*Maaari ring pinsalain ng abo ang mga baga ng maliliit na sanggol o bata, ng mga napakatanda at masakitin o may mahinang katawan, o ng mga taong nagdadanas ng mga karamdamang panghinga (respiratory).*

*Ang paglalathala ng polyetong ito ay suportado ng pagpopondo sa ilalim ng isang pagbibigay pondo (grant) mula sa Federal Emergency Management Agency, ng Washington. D.C. 20472.*

## *Maghanda nang maaga.*

*Checklist*_____

***Tahanan***

- Aprubado ng NIOSH na mga respirator para sa alikabok/kahalumigmigan (mist) (may code na TC-21C-XXX). Ang iba ay hindi kakasya sa mga bata; tingnan kung kasya bago bilhin.
- Mga pagkaing di-nabubulok/di-nasisira sa loob ng dalawang linggo.
- Tubig (1.5 galon/araw/tao) sa loob ng malinis na plastic na sisidlan o container.
- Mga gamot at first aid kit.
- Radyong de-baterya at ekstrang mga baterya.
- Ekstrang pagkain ng alagang hayop (pet), kung naaangkop.
- Pamatay-sunog (Fire extinguisher).

***Sasakyan***

- Mga respirator para sa alikabok/kahalumigmigan (mist).
- Salamin sa mata upang palitan ang mga contact lens.
- Mga kumot.
- Pamatay-sunog (Fire extinguisher).
- Ekstrang damit.
- Rasyon ng mga pangkaing pang-emerhensya.
- First aid kit at kailangang-kailangang medikasyon.
- Flashlight, ekstrang mga baterya at mga bulb.
- Mga batayang kasangkapan (tool kit).
- Radyong nadadala (portable) at ekstrang mga baterya.
- Pala.
- Mga posporo, kandila, emergency flares.
- Makapal at matibay na lubid o kableng panghila.
- Ekstrang salaan ng hangin (air filter).
- Ekstrang fluid na panghugas sa windshield.
- Ekstrang mga wiper blade para sa windshield.

***Lugar ng Trabaho***

- Malalaking plastic bag upang protektahan ang mga kagamitan sa opisina.
- Kailangang-kailangang personal na medikasyon.

## *Paghahanda sa Tahanan.*

Mag-imbak ng karagdagang tubig kung ang suplay ng inyong tubig ay maaaring maputol dahil sa pagkawala ng kuryente o kung ito ay maaaring magkaroon ng kontaminasyon. Panatilihin ang pagkaroon ng emergency kit sa tahanan (tingnan ang checklist).

***Sa Panahon ng Pagbagsak ng Abo:***

- Manatili sa loob ng bahay o gusali kung maaari.
- Isara ang mga pinto, bintana, at mga damper.
- Iwasan ang paglagay ng apoy sa mga kalan ng kahoy o fireplace.
- Alisin ang mga panggagalingan ng draft (hihip ng hangin).
- Huwag paandarin ang mga bentilador ng pasingawan (exhaust) o mga patuyuan (dryer) ng damit.
- Makinig sa inyong radio.
- I-vacuum ang mga muwebles, mga carpet, atbp., at sikaping huwag ang mga ito punasan, sapagkat ang abo ay makakagasgas.
- I-brush, ipagpag ang mga labahin, at ibabad muna ang mga damit.
- Gumamit ng maraming tubig at detergent; huwag gumamit ng sabon sapagkat ito ay maaaring maging malapot o malagkit.
- Kung ikaw ay patuloy na nagtatrabaho sa ilalim ng abong bumabagsak, labhan ang iyong mga damit sa lugar ng trabaho o sa labas ng tahanan.
- Takpan at huwag gamitin ang mga personal computer, stereo, at iba pang mga sensitibong kagamitan.

***Pagkatapos ng Pagbagsak ng Abo:***

- Magsuot ng respirator habang naglilinis ng abo.
- Isaalang-alang ang paggamit ng goggles para maproteksiyunan ang mga mata.
- Alisin ang malaking akumulasyon o pagkaipon ng abo sa pantay (flat) o di-masyadong-nakatirik na mga bubong at sa mga alulod (gutter) ng ulan.
- Kapag nagwawalis, basa-basain o buburan ng "Industrial Sweep" ang abo upang maiwasan ang pagtaas ng di-kanais-nais na alikabok.
- Tabasin ang damuhan (lawn) kapag ito'y basa-basa at ilagay sa bag ang mga natabas na damo (lawn clipping) upang mabawasan ang alikabok.

- Palitan ang mga bagay na ginamit sa emergency kit.

# *Paghahanda ng Pamilya*

**Turuan** ang pamilya tungkol sa mga pamamaraang pang-emerhensya at pangkaligtasan. Magkaroon ng mga kalmadong laro at aktibidad. Isaalang-alang ang pag-organisa ng isang pangkomunidad na day care center upang tulungan ang mga nagtatrabahong magulang sa panahon ng paglilinis ng bumagsak na abo at upang mailagay ang mga bata sa isang mas malinis na kapaligiran. Planuhin ang pagbibigay kanlungan sa mga alagang hayop at livestock (mga alagang hayop tulad ng mga baka).

### *Sa Panahon ng Pagbagsak ng Abo*

- Manatili sa loob ng bahay o gusali kung maaari.
- Papanatilihin ang mga bata sa loob ng bahay o gusali.
- Gawin sa pinakakaunti ang mga gawain upang mabawasan ang paglanghap ng abo.
- Huwag subukang sunduin ang inyong mga anak sa paaralan, maliban lamang kung inatasang gawin ito. Naipaalam sa mga paaralan ang mga prosesong pang-emerhensya na dapat gawin.
- Hangga't maaari, panatilihin ang mga karaniwan at nakasanayang mga gawain para sa mga bata.
- Gumamit ng mga respirator kung nasa labas.
- Kung ang pagbagsak ng abo ay tumagal pa, dalhin ang mga bata sa labas kung pinahihintulutan ng kondisyon ng panahon (gumamit ng mga respirator para sa alikabok/kahalumigmigan (mist).
- Kung ang isang taong may sakit sa puso o baga ay nakakaranas ng mga sintomas, dapat siyang kumonsulta sa kanyang doktor.
- Gamitin ang telepono para sa mga emerhensya lamang.
- Papanatilihin ang mga alagang hayop (pet) sa loob ng bahay o gusali hangga't maaari.
- Mahigpit na limitahan ang mga galaw ng mga alagang hayop (pet) o livestock sa labas upang mabawasan ang paglanghap ng abo.
- Kumuha ng malinis na tubig para sa livestock sa lalong madaling panahon.
- Kung lumabas ang mga alagang hayop (pet), i-brush o i-vacuum muna sila bago mo sila pabalikin sa loob ng bahay. Huwag silang hayaang mabasa o subukang paliguan/hugasan.
- Magtabi ng maaaring makuhang ekstrang pagkain ng alagang hayop (pet) na tuyo at malinis.

### *Pagkatapos ng Pagbagsak ng Abo*

- Limitahan ang mga panlabas na aktibidad para sa mga bata at mga alagang hayop (pet) hangga't wala nang nakikitang alikabok na abo.

# *Paghahanda sa Sasakyan*

**Panatilihin ang pagkakaroon ng** isang emergency kit sa sasakyan (tingnan ang Checklist).
Siguraduhing ang mga wiper blade ng windshield ay nasa magandang kondisyon.

### *Sa Panahon ng Pagbagsak ng Abo*

- Huwag magmaneho maliban lamang kung kinakailangan.
- Kung kailangan mong magmaneho, magmaneho/magpatakbo ng sasakyan nang hinay-hinay. Huwag sundan ang sasakyan sa harapan nang napakalapit. Ang abo ay madulas.
- Gamitin ang iyong sistema ng panghugas ng windshield sa anumang oras na dapat mong gamitin ang iyong mga wiper.
- Huwag magmaneho na walang salaan ng hangin (air filter).
- Palitan ang iyong salaan ng hangin (air filter) kung napansin mong tumigil ang pag-andar ng motor ng iyong sasakyan.
- Kung hindi umandar ang iyong sasakyan, itulak ito palayo sa daan upang maiwasan ang mga salpukan/pagkabangga, at manatili sa loob ng sasakyan.

### *Pagkatapos ng Pagbagsak ng Abo*

- Palitan ang langis (oil) at ang salaan ng langis (oil filter).
- Palitan ang salaan ng hangin (air filter).
- Lubusang hugasan ng tubig ang iyong sasakyan upang alisin lahat ng abo.
- Palitan ang anumang bagay na ginamit mula sa emergency kit ng sasakyan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkahanda sa anumang uri ng emerhensya o di-inaasahang pangyayari, mangyaring pumunta sa: http://www.hss.state.ak.us/prepared/

# *Paghahanda sa Lugar ng Trabaho*

**Maging** pamilyar sa mga planong pang-emerhensya ng iyong pinagtrabahoan. Himukin sa pinagtrabahoan na magkaroon ng polisiya sa maagang paglabas upang mapahintulutan ang mga empleyadong makarating sa kanilang tahanan bago mangyari ang pagbagsak ng abo. Panatilihin ang pagkaroon ng emergency kit sa lugar ng trabaho.

### *Sa Panahon ng Pagbagsak ng Abo*

- Huwag magpa-andar ng mga di-kinakailangang kagamitan.
- Lagyang proteksiyon ang mga kagamitan sa opisina gaya ng mga copier, mga fax machine, at mga personal computer gaya ng inirerekomenda ng tagayari nito.
- Imbakin ang mga computer disc sa loob ng naka-seal na mga bag o sisidlan.
- Umuwi, kung maaari, bago pa magsimula ang pagbagsak ng abo.
- Kung ang abo ay malakas nang bumabagsak, manatili sa trabaho o pumasok sa loob ng bahay o gusali hanggang sa ang abo ay huminto at pumirmi na.
- Kung hindi posible na makapasok sa loob ng bahay o gusali, pumasok sa iyong sasakyan at direktang umuwi.

### *Pagkatapos ng Pagbagsak ng Abo*

- Linisin ang lahat ng abo bago alisin ang mga nagproprotektang takip sa mga kagamitan sa opisina.
- Palitan ang mga bagay na ginamit sa emergency kit.

